AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 2

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"But that Won't Make Me Sleep" ni Annie Pacaña-Lumbao.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 2** |
|---|
| Book Title: But That Won't Make Me Sleep |
| Author: Annie Pacaña-Lumbao |
| Source: Buri Books |

Good afternoon ulit! ☺🧡 Si Teacher Robyn ulit to para sa reading lesson natin today! 📚 Nag-enjoy ba kayo kahapon? ❤ Ang babasahin natin ngayong araw ay parte ng "But That Won't Make Me Sleep" ni Ginang Annie Pacaña-Lumbao 👩🏽🏫

Nakayanan natin kahapon diba? Kayang-kaya ulit natin to ngayon! 💪🏽❤

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang ating:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Pangako 'yan kada kwento natin, ha? ☺

💬 **TALASALITAAN**

Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Tugtog (tinugtog)**
**(2) Diwata**
**(3) Hinahagod (hagod)**

Wag mag-alala! ☺ Sabay-sabay nating gagawin to 🧡 Start na tayo!

--

📚 **BUT THAT WON'T MAKE ME SLEEP NI ANNIE PACAÑA-LUMBAO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Dumating ang gabi kasama ang banig ng mga tala at ang buwang tila lampara. 🌙✨ "Oras na para matulog!" sabi ni Nanay. 👩🏽 Pero gising na gising pa rin si Maya sa kaniyang silid. 👧🏽
• "Nanay, paano po ako makakatulog ngayong gabi?" tanong ni Maya. 👧🏽 "Kung tapos ka nang magsipilyo, ihihiga na kita sa iyong kama kasama ang makinis mong kumot, malambot na unan, at mayayakap na laruan." 🛏️🧸 sagot ni Nanay. 👩🏽
• "Pero hindi pa rin po ako makakatulog niyan!" sabi ni Maya. 👧🏽😞
• "Puwede kiyang basahan ng isa pang kuwento, kung gusto mo," 📚 sabi ni Nanay. 👩🏽
• "Pero hindi pa rin po ako makakatulog niyan! Tatlong kuwento na po ang binasa ninyo sa akin, pero gising na gising pa rin ako, Nanay,' paalala ni Maya kay Nanay. 👧🏽😞
• "Hmmm… ano pa kaya ang maari nating gawin para makatulog ka na?" sabi ni Nanay habang nag-iisip. Magtatawag ako ng mga musikerong tutugtog ng pampahimbing habang kinakantahan kita rito sa iyong silid." 🎷🎻🎶
• "Mukhang masaya 'yun… pero hindi parin po ako makakatulog niyan!" 👧🏽😞
• "Hihilingin ko sa mga diwatang suklayin ang buhok mo hanggang sa makatulog ka, at bigyan ka ng mga magagandang panaginip," 🧚‍♀️🧚‍♀️🧚‍♀️sabi ni Nanay 👩🏽 habang hinahagod ang mahabang buhok ni Maya.
• "Gusto ko ng mga diwata…" sagot ni Maya. "Pero hindi pwede parin po ako makakatulog niyan!"👧🏽😞
• "Ihihiga kita sa ating duyan at hihilingin ko kay Ginoong Hangin 👑💨 na umihip nang marahan para antukin ka na't makatulog," sabi ni Nanay. 👩🏽
• "Pero hindi parin po ako makakatulog niyan!" hagikgik ni Maya. 👧🏽😞
• Biglang may tumawag na malalim na boses, "Mayaaaaaaaaaa!" 📣
• "Tatay! Nakauwi ka na!" Buntong-hininga ni Maya habang yakap si Tatay. 👨🏽👧🏽❤

• Alam ni Nanay na wala nang pipigil pa sa pagtulog ni Maya sa gabing ito. 🛌 Hinihintay lang pala ni Maya na Makauwi sa Tatay mula sa trabaho. “Goodnight!” sabi ni Maya sa wakas, habang hinahagkan at mahigpit siyang yakap-yakap ni Nanay at Tatay. 👨👩👧

Yay! Natapos natin ang kuwento ni Maya! 👧🏽

--

✏ **GAWAIN**

Sabay nating balikan ang kuwento ni Maya at ang kanyang adventure para makatulog. 😴

🔎May apat na sinabi si Nanay kay Maya na sanang makatulong sa kanyang matulog. Ano ulit ang mga ito? Bigyan ko kayo ng mga hint: 🛏🧸, 📚, 🎷🎻🎶, 🧚‍♀️🧚‍♀️🧚, at 👑💭. Balikan ang kuwento at hanapin ang mga emoji na ito para alamin ang sagot!

🔎Sa huli, ano o sinu-sino ang nakatulong kay Maya na makatulog? Ang kanyang... Nanay at Tatay 👨👩👧

🔎 May mga gabi bang nahihirapan ka matulog? Sa mga gabing iyon, ano ang nakakatulong sa iyo?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Tapusin natin ang ating kuwento sa isang tanong, ano ang pakiramdam mo kapag kumpleto ang iyong pamilya sa bahay? Mag-bigay tayo ng konting oras para magpasalamat sa Diyos sa mga panahon na tayo ay kumpleto, at tayo’y magdasal rin para sa ating minamahal na wala sa bahay sa ngayon. Hindi naman porket hindi palaging magkakasama ang ating pamilya ay hindi na natin mahal ang isa’t isa, diba? ☺

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

Good job! At sa bukas ulit! Mag-ingat kayo! ☀

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.